PhilRice Magasin

Philippine Rice Research Institute
VOLUME 4 • NUMBER 1
Enero-Marso 2017

SERBISYONG MAAASAHAN

PABALAT

Tuklasin ang iba't-ibang serbisyong pang-agrikultura na maaaring magbigay ng mataas na ani at kita.

Mga programang masasandalan ng ating mga magsasaka.

1 **EDITORYAL**

2 **IBA ANG LAGING HANDA**

4 **PATOK NA BINHI, MURANG MABIBILI**

6 **WASTONG PAGGAMIT NG LIBRENG PATUBIG**

8 **PANGAKO SA'YO 2017**

10 **MAKINARYANG PAMBUKID, PAANO MAGKAKAROON?**

12 **USAPANG AMAG AT LUPA**

14 **PAHIRAM NANG SANDALI**

16 **INSURANCE, PAUTANG, ATBP.**

Editor-in-Chief: Myriam G. Layaoen • **Associate/Managing Editor:** Christina A. Frediles •
Writers/Photographers: Anna Marie F. Bautista • Ashlee P. Canilang • Carlo G. Dacumos • Christina A. Frediles • Fredierick M. Saludez • Hanah Hazel Mavi B. Manalo • Jayson C. Berto • Jayvee P. Masilang • Mary Grace M. Nidoy • Sonny P. Pasiona •
Design and Layout: John Glen S. Sarol • **Illustration:** Andrei B. Lanuza • **Cover Design:** Jude Klarence C. Pangilinan •
Circulation: Ashlee P. Canilang • Jerickson DJ. Ruz • **Administrative Support:** Mercy Grace C. Cruda •
Consulting Editor: Constante T. Briones • **Editorial Advisers:** Sailila E. Abdula • Ronan G. Zagado

www.philrice.gov.ph
www.pinoyrice.com
@rice_matters

PhilRice Text Center
0920-911-1398
rice.matters

2015 BINHI AGRI NEWSLETTER OF THE YEAR

2016 BINHI MAGAZINE OF THE YEAR

Maaaring kopyahin at ipamahagi ng mga mambabasa ang mga nilalaman ng magasing ito, kilalanin lamang ang PhilRice. Gayundin, hinihikayat ang sinuman na magpadala ng artikulo (600-800 na salita kalakip ang 4-5 larawan) at magmungkahi ng tema o mga istoryang indibidwal o grupo na may kinalaman sa pagsasaka. Maaaring ipadala ang mga ito sa prri.mail@philrice.gov.ph o philricenews@gmail.com; o sa THE EDITOR, PhilRice Magazine, Development Communication Division, PhilRice, Maligaya, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija.

MAY KARAMAY KA!

Sa anumang tahakin sa buhay, mainam ang may kasangga ka. Iyong mapagkakatiwalaan mo na nariyan sa hirap at ginhawa. Sa ganyang usapin, hindi naiiba ang pagsasaka. Kung may tutulong sa pagpapataas ng ani at kita, kahit paano'y maiibsan ang agam-agam ng mga magsasaka kung mapagtatagpo ba ang pagtatanim at pag-aani hanggang sa hapag-kainan o palengke man.

Maraming pangangailangan ang ating mga magsasaka na kailangang tugunan upang masiguro ang mataas at magandang kalidad ng ani. Ayon sa mga pag-aaral, mahalaga ang tamang paggamit ng mga *input* tulad ng binhi, abono, at patubig kaalinsabay ng maayos na pamamahala sa sakahan.

Sa tuwing anihan, binabagabag din ng mababang presyuhan ng palay at iba pang produkto ang mga magsasaka. Dinagdagan pa ito ng ugong na tuluyan nang paluluwagin ang kalakalan sa Gitnang-Silangang Asya na nangangahulugan ng mas pinaigting na kumpetisyon sa merkado. Kung may hamon ng *climate change* sa produksyon, may *trade liberalization* naman sa merkado. At ilan lamang ito sa mga isyung hinaharap ng mga Juan at Juana sa bukid.

Oo nga't hile-hilera ang mga teknolohiya na maaaring pagpilian at subukan ng mga magsasaka. Gayunpaman, malimit na tanong nila kung paano maaabot at mapakikinabangan ang mga ito. Sa kabila ng kakulangan sa puhunan, may pag-asa pa nga ba?

Sa magasing ito, sagot namin 'yan!

Sa pamamagitan ng pananaliksik at pagtatala sa mga pampublikong produkto at serbisyo sa agrikultura, napapaloob sa babasahing ito ang ilan sa mga agapay mula sa gobyerno at pribadong organisasyon na maaaring mapakinabangan ng mga magsasaka. Layunin namin na bigyan sila ng ideya tungkol sa mga tao o grupo na maaaring mag-abot ng kamay sa iba't-ibang yugto ng pagsasaka.

Binagyo ba ang palayan? Hindi magiging problema yan kung naka-enrol ang bukid sa *crop insurance*. Alamin ang hakbang kung paano makakukuha nito sa paglalahad ni Mang Felix na nakasubok nang makabawi matapos dapurakin ni Yolanda ang kanyang palayan.

Kung nais makatipid sa binhi, gayahin si Mang Ricardo na matyagang nagpapabalik-balik sa munisipyo upang makadiskwento sa pagbili ng *certified seeds* kada taniman. Isabay na rin ang pagbisita sa *soils laboratory* kung nais namang ipasuri ang lupa ukol sa kondisyon nito sa mga eksperto. Sa ganoong paraan, nalaman ni Mang Loreto ang kulang na sustansya sa kanyang lupa at nasolusyonan ito.

Ilan lamang 'yan sa mga istoryang inihahain ng aming magasin upang ipaabot sa ating mga magsakaka na may mga programang karamay nila tungo sa magandang ani at kita. Hindi rin basta-basta ang benepisyo at tiyak na kapaki-pakinabang ang mga tulong na ito kung talagang pupursigihin ang pakikibahagi dito.

Pagsasaka ba? Huwag nang mangamba dahil may karamay ka.

IBA ANG LAGING HANDA

MARY GRACE M. NIDOY

Natuto na si Mang Felix Tenebro, 68, ng Dagami, Leyte na siguraduhing naka-*enroll* sa *crop insurance* ang kanyang palayan. Ayaw niyang magsisi sa huli.

Sariwa pa sa kanyang alaala nang niyurak ng bagyo ang kanyang palayan taong 2013. Ayon sa kanya, nagmistulang warat na walis-tambo ang kanyang palay dahil sa mga nawalang mga butil pagkatapos padapain ng bagyo. Maging ang dingding at bubong ng imbakan ng palay ni Lolo Felix ay hindi rin sinanto ng malakas na hangin.

Kaya naman, minabuti ni Mang Felix na ikuha ng *crop insurance* ang kanyang 2.8 ektaryang pananim.

MAGPA-*CROP INSURANCE* NA

Ayon sa Philippine *Crop Insurance Corporation* (PCIC), dumami ang kumuha ng *crop insurance* mula nang nanurete ang bagyong Yolanda noong 2013. Sa tala ng PCIC, 38,000 magsasaka na ang *insured* noong 2016. Kung susumahin, humigit 43,000 ektarya ang naging saklaw o *area of coverage* ng sistemang ito.

Sa kasalukuyan, apat na programa ng PCIC ang nagbibigay ng *insurance* sa mga magsasaka. Nariyan ang kanilang *regular program*, *Registry System for Basic Sector in Agriculture* (RSBSA), *Agrarian Production Credit Program*, at DA-LBP Sikat Saka *Program*. Isang programa lamang ang maaaring ma-aplayan ng magsasaka upang makakuha ng *insurance*.

Ayon kay Ronelo D. Pesquera, *Chief of Marketing and Sales Division* ng PCIC Region 8, bukod sa baha, madalas ding problema ng mga magsasaka ang mga peste sa palayan tulad ng *stem borer*, daga, at atangyang itim o *black bug*.

Humigit-kumulang 600 na aplikasyon ang natatanggap ng PCIC Region 8 kada araw. Mas marami ang kanilang natatanggap kapag buwan ng taniman - Disyembre-Enero at Hulyo-Agosto.

PAANO MAG-*APPLY*

Kailangang makapagsumite ang magsasaka ng *application form*. Naglalayon ito na makuha ang mga impormasyon tungkol sa magsasaka katulad ng lawak ng sakahan, uri ng lupa, topograpiya, panahon kung kailan ang pagtatanim at pag-aani, at lokasyon ng sakahan. Maaaring sumangguni sa tanggapan ng PCIC o sa *municipal agriculturist office* (MAO) upang makakuha ng kopya nitong form.

Nilinaw din ng PCIC na tatlong ektarya ang libreng sasagutin ng *insurance* o *full premium subsidy*. Kapag ang sakahan ay lampas sa tatlong ektarya, kailangan nang magbayad ang magsasaka sa kabuuan ng *insurance premium*.

Isa sa mga kondisyon sa pagkuha ng *insurance* ay dapat rehistrado ang magsasaka sa RSBSA. Prayoridad ang mga may hawak na 1.5 ektarya pababa, kasunod ang mga may 1.5-2 ektarya, at pangatlo ang mga may 2-3 ektarya. Kapag hindi naman rehistrado ang magsasaka sa RSBSA, maaaring kumuha ng *certificate* mula sa MAO na magpapatunay sa lawak ng sakahan na mabibigyan ng *insurance*.

Sa tala ng *Department of Budget and Management* hanggang Disyembre 2016, may 13,516,337 magsasaka na rehistrado sa RSBSA.

Kapag nasalanta ang mga pananim, matatanggap ng magsasaka ang kaukulang halaga ng *insurance* kapag nakapagbigay ng *notice of loss* 10 araw pagkatapos ang pagkasira ng mga pananim. Upang mabayaran ng PCIC ang magsasaka sa nasalanta nitong sakahan, kailangan lamang makapagsumite ng *claim for indemnity*.

Ayon sa PCIC, P20,000 kada ektarya ang maaaring makobrang pera sa *insurance*. Katuwang ng PCIC ang mga *agri-technologists* sa pagmo-*monitor* at pag-inspekyon ng mga sakahang "insured o nakasiguro."

Maliban sa palay, may *insurance* din ang PCIC para sa *high-value crops*, *livestock*, at *fisheries*. Tinututukan din ngayon ng PCIC na mabigyan ng *insurance* ang mga magsasakang nasa *Special Area for Agricultural Development* ng DA tulad ng Apayao, tatlong Samar provinces, Zamboanga del Norte, North Cotabato, Sarangani, Lanao del Sur, Maguindanao, at Negros Oriental.

KASANGGA SA PAGPAPALAYAN

Paalala nga lang ni Mang Felix sa kapwa mga magsasaka na pagbutihin pa rin ang pag-aalaga ng palay kahit nakapasok sa *crop insurance* ang pananim.

Para sa kanya, ang pagsasaka ay para ring sumusugal sa pagkakataon at ang *insurance* ay nagsisilbing panangga o kabakas upang maiwasan ang lubhang pagkalugi ng magsasaka sa pagtatanim.●

Ang pagsasaka ay para ring sumusugal sa pagkakataon at ang *insurance* ay nagsisilbing panangga o kabakas upang maiwasan ang lubhang pagkalugi ng magsasaka sa pagtatanim.

- Felix Tenebro

Carlo G. Dacumos

PATOK NA BINHI, MURANG MABIBILI

HANAH HAZEL MAVI B. MANALO

Anna Marie F. Bautista

Binabalik-balikan ng mga magsasaka ng Bangar, La Union ang murang binhing binebenta ng Kagawaran ng Agrikultura sa munisipyo.

Maaga pa lang, pumipila na si Ricardo Abriam para sa murang binhi. Ilang minuto lang siyang mahuli sa pila, 20 magsasaka na ang kanyang susundan.

DISKWENTO SA BINHI

"Taun-taon kaming namimigay ng *seed subsidy*. Dalawang beses sa isang taon. Isa ito sa mga programang inuuna ng lokal na pamahalaan ng Bangar," sabi ni Regina Labiano, *seed inspector* at *rice coordinator*.

Aminado si Labiano na hindi sapat ang 1,000 sakong binhi kada taon para sa lahat ng mga magsasaka sa Bangar. Ngunit naniniwala siyang matutulungan nito ang ilang mga magsasaka para mabawasan ang kanilang gastos kahit papaano.

Ayon kay Labiano, "Ang bawat sako ng *certified seeds* ay nagkakahalaga ng P1,360. Ang diskwentong ibinibigay ng munisipyo ay P600, kaya magbabayad ng P760 lamang ang magsasaka sa isang sako. Ang mga binhi ay PSB Rc82, NSIC Rc216, Rc222, Rc346, Rc352, at Rc358 na angkop sa Bangar."

Kwento ni Labiano, sila'y nagsasadya sa mga barangay para ipagbigay-alam sa mga magsasaka ang *schedule* ng pagbebenta ng binhi.

Isang buwan bago ang panahon ng taniman, mabibili na ang mga binhi sa munisipyo.

"Mga taga-Bangar lamang na magsasaka ang maaaring makakuha ng binhi. Kami ay may *masterlist*," ayon kay Labiano.

PAGBILI NG MURANG BINHI

Bago mag-8 ng umaga, pipila, lalagda, at mabibigyan ng numero ang mga magsasaka.

"Hindi hihigit sa dalawang sakong binhi ang ibinibigay sa bawat magsasaka. Ngunit kapag iisang ektarya lamang ang sinasaka, isang sako lang ang ibinibigay," ayon kay Labiano.

Halos isang linggo ang inaabot sa pagbebenta ng murang binhi. Higit 100 magsasaka ang nabebentahan sa isang araw tuwing tag-ulan. Mas kakaunti sa tag-araw. Mais at tabako ang karamihang tanim sa Bangar tuwing tag-araw.

Giit ni Labiano, ang pamimigay ng buto ay may kaakibat na pagtuturo at paalala tungkol sa tamang pamamahala ng binhi lalo na ang tibay at kahinaan nito sa mga peste at sakit.

Ito ang prosesong pinagdaanan ni Lolo Ricardo, 65, sa mahabang panahon bago siya naging *seed grower.*

PAKINABANG SA *SEED GROWERS*

Ang programang *seed subsidy* ng gobyerno ay hindi lamang nakatutulong sa mga magsasaka kundi sa mga *seed growers* din tulad ni Lolo Ricardo.

Ang munisipyo ay bumibili ng mga *certified seeds* sa mga *accredited seed growers* sa kanilang lugar. Pare-parehong dami ng binhi ang binibili nito sa bawat isa.

Ayon kay Lolo Ricardo, para matiyak ang kalidad ng binhi na kanilang ibinebenta ay pinasusuri muna nila sa *National Seed Quality Control Services* sa Sta. Barbara, Pangasinan.

Natutuwa si Lolo Ricardo dahil hindi pa siya nakatatanggap ng reklamo hinggil sa mga binhi niya.

Sa tingin ng ilan, katiting lang ang P600 na kabawasan sa gastos sa pagsasaka. Pero para sa isang magsasakang nahihirapang humagilap ng pera para matustusan ang kaniyang pangangailangan, ito ay isang malaking tulong. Parang pustang tabla-panalo, sabi ng iba. Ang mahabang pila nila sa munisipyo tuwing nalalapit na ang taniman ay isang patunay.●

Nais ng administrasyong Duterte na tuluyan nang gawing libre ang irigasyon para sa mga magsasaka. Umaasa ang mga magbubukid na malapit nang magkatotoo ito.

Nagbabayad si Mang Reynaldo ng katumbas ng 2-3 kabang palay tuwing anihan para sa patubig ng bawat ektarya. Ayon sa pag-aaral ng *National Irrigation Administration* (NIA) hinggil sa malilibreng patubig, ang magsasakang may malinis na kita ngayon na P15,000 kada anihan sa isang ektarya ay kikita ng P15,900 kung libre-tubig na nga.

Sa ilalim ng sistemang libreng patubig, magtitipid pa kaya sa tubig ang mga magsasaka? Bihira lang sa kanila ang ipinaglihi sa aksaya.

PATUBIG NA MAY BAYAD

Sa dalawang ektaryang sakahan niya sa Calantipay, Baliuag, Bulacan, linggu-linggo dati kung magpatubig si Mang Reynaldo Buco, 55. Ginagawa niya ito sapagkat siya at ang mga kapwa niya miyembro ng lokal na *irrigators' association (IA)* ay takot na mabitin sa tubig. Baka raw masayang ang kanilang pinaggugulan ng di-birong puhunan, talino, at panahon.

Kapag sumasapit ang tag-araw, kabado sina Mang Reynaldo dahil siguradong mahina ang daloy ng tubig mula sa Angat Dam. Hindi lang ang grupo niya, damay pati mga iba pang bukid na dinadaluyan ng irigasyon.

Sa ganitong panahon, diumano, ay madalas may nangyayaring iringan sa pagitan ng mga magsasaka. Kung minsan daw, napagbubuntunan pa nila ng sisi ang *water master* o ang nangangasiwa ng irigasyon sa kanilang lugar.

Alam ng NIA ang problema. Dahil dito, sari-saring mga proyekto ang kanilang ibinaba sa mga magsasaka para kahit papaano mapunan ang kakulangang hindi naman nila kagustuhan.

Ayon kay Engr. Bayani Ofrecio, *manager* ng *Institutional Development Division* ng NIA, maliban sa pangangasiwa ng irigasyon, may mga *assistance programs* at *support services* din ang NIA kasama ang iba't-ibang ahensiya at pangasiwaan ng gobyerno. Ang mga ito

ay ibinibigay sa mga magsasakang gaya ni Mang Reynaldo na miyembro ng IA.

"Kasama ang LandBank, *Agricultural Training Institute*, at iba pa, nabibigyan ang mga magsasakang miyembro ng IA ng pautang at mga pagsasanay at *seminar* tungkol sa napapanahong pamamaraan ng pagsasaka partikular ang pagpapatubig," sabi ni Ofrecio.

TEKNOLOHIYA SA LIKOD NG PAGPAPATUBIG

Taong 2015 nang unang bumisita ang mga kawani ng PhilRice kina Mang Reynaldo. Itinuro sa kanila ang isang napapanahon at tamang pamamahala sa tubig- ang *alternate wetting and drying* o AWD. "Controlled irrigation" naman ang tawag dito ng ilan, kapag minsan.

Sa paraang AWD, ginagamit ang *observation well* o tubo na gawa sa PVC o biyas ng kawayan. Nakabaon ito nang bahagya sa lupa at may mga sinukat na butas. Masisilip sa loob ng *observation well* kung kailangan nang patubigan ang palayan.

Ang tubo ay may mga *marker* o guhit na nagsisilbing indikasyon ng lalim ng tubig o *water table*. Sinusukat nina Mang Reynaldo ang lalim ng tubig sa loob ng tubo, at magpapasya kung magpapatubig na sila o hindi pa. Sanayan lang ang puhunan nila.

"Araw-araw naming minumonitor ang tubig sa tubo. Kapag nasilip na naming kakaunti na lang ang tubig sa loob, nagpapatubig na kami," sabi ni Mang Reynaldo.

"Hindi na kami nagpapatubig ngayon kung hindi pa kinakailangan," bulalas ni Mang Reynaldo. "Paalam sa pagwawaldas."

Malibre man ang patubig balang araw, ipinapayo pa rin ng mga eksperto ang wastong paggamit ng tubig.

Babala ng mga eksperto, ang palayang sobra sa tubig ay maaaring mauwi sa kakaunting suwi na hahantong sa kabawasan ng ani. Posible ring maantala ang paglago ng palay, pagtagas ng sustansiya sa lupa, at pagsingaw ng *methane gas* na naiipon sa himpapawid at lalong nagpapainit sa mundo.

Irigasyon ang nagsisilbing dugo ng agrikulturang nagpapakain sa buong nasyon. Nailahad na ang sitwasyon at desisyon. Ikaw, ano ang iyong opinyon? ●

Jayson C. Berto

WASTONG PAGGAMIT NG LIBRENG PATUBIG

ASHLEE P. CANILANG

MGA KWENTO NI
CHRISTINA A. FREDILES

PANGAKO SA'YO 2017

MAINAM SA Puso

Ansari Kamsali Angkanan, 41
Pamalian, Mamasapano, Maguindanao

Ipinapangako ni Mang Ansari na pagbubutihin pa nya ang kanyang pagpapalayan at paggugulayan. Mas susundin daw nya ang mga teknolohiyang itinuro sa kanya upang mas tumaas pa ang kita. "Dito ko kinukuha ang ikinabubuhay ng aking pamilya kaya mas tututukan ko ito," pagtatapos ni Mang Ansari.

Marita Tolentino, 55
Edmundo Ojeda, 49
Timbang, Minalabac, Camarines Sur

Ayon kay Aling Marita, susubukan nyang pagbutihin pa ang kanyang pagsasaka upang makaani ng malaki para makabayad ng utang. Determinado naman si Mang Edmundo na iiwasan nya ang pag-istambay para makapagpokus sa bukid.

Diosdado Iranon II, 43
Purok 2, Puypuy, Bay, Laguna
Magsasaka/ Brgy. Kagawad

Para kay Kagawad, sisikapin nyang kumbinsihin ang kapwa nya magsasaka na magtanim ng palay na mainam gawing *brown rice*. Ayon sa kanya, madami na ring konsyumer ng bigas na *health-conscious* kaya mas magiging maganda ang kita rito!

"Kumbaga, kumikita na ang mga magsasaka, nakapagbibigay pa tayo ng *option* na subukan ang mas masustansyang kanin tulad ng *brown rice*," dagdag pa ni Mang Diosdado.

Bagamat alam nating masustansiya ang *brown rice*, kakaunti pa rin ang kumakain nito. Karaniwang dahilan ng ating mga kababayan ay ang mahal nitong presyo.

Subalit ngayon, sa pamamagitan ng proyekto ng DA-PhilRice na tinatawag na BROWN4good, mabibili na ang *brown rice* sa mas murang halaga. Kung dati, ang *brown rice* ay P50-P80 kada kilo, ngayon ay mabibili na ito sa halagang P37 kada kilo lamang sa mga *retail stores* ng NFA!

Nagsimula na ang pagbebenta sa Bohol ng mas murang *brown rice*. Ito ay inaasahan na rin sa iba pang mga probinsya.

Ang *brown* o *unpolished rice*, na tinatawag ding pinawa, ay palay na inalisan lamang ng balat o ipa. Ito ay kulay-*brown* dahil kasama pa nito ang darak. Mas masustansya ito dahil ang darak na ito ay mayaman sa protina, *fiber*, *vitamins*, *minerals*, at *antioxidants*.

Batay sa mga pag-aaral, ang *brown rice* ay mabisang pananggalang sa ibat-ibang uri ng karamdaman gaya ng sakit sa puso, kanser, at dyabetes.

Dagdag pa rito, ang *brown rice* ay mabuti rin sa mga nagdi-*diet* dahil mayaman ito sa *fiber*. Madali rin itong makabusog kung kaya't maiiwasan ang *overeating*. •

GIRL POWER SA BUWAN NG KABABAIHAN

Alam nyo ba na maging sa mga kagamitang pambukid ay nakabilang na rin sa mga pamantayan ng pagiging *gender-friendly* sa pagdidisenyo? Babae o lalaki, walang pinipili.

Sa katangiang *gender-friendly* ng mga makina, tiyak na makikinabang ang mga kababaihan, hindi lang mga barako sa palayan! Ilan sa mga makinang ito ay magaan at madaling paandarin.

PLASTIC DRUMSEEDER

Ginagamit ito para sa sabog-tanim na palay. Hindi na nito kailangan ng makina upang magamit. Mura ito at madaling gawin. Maaari rin itong magamit sa *upland* at *wetland seeding*.

Sa paggamit nito, makatitipid ng 50-80% binhi kumpara sa manu-manong pagsasabog-tanim. Ito ay may timbang na 10 kilo; gawa sa *polyethylene plastic* at magaang tubo kung kaya't ito ay madaling gamitin.

Kaya ng *plastic drumseeder* ang pagtatanim nang nakalinya kung kaya't maaaring gamitan ng *mechanical weeder* ang palayan.

MICROTILLER

Ang *microtiller* ay ginagamit sa paghahanda ng lupang pagtatamnan.

Magaan at madaling kalasin ang *microtiller* kung kaya't di-mahirap ilipat sa mga lugar na matarik. Mainam din ang *microtiller* sa bukid na hanggang tuhod ang lalim ng putik at may mahahabang pinaggapasan.

Sonny P. Pasiona

MAKINARYANG PAMBUKID, PAANO MAGKAKAROON?

SONNY P. PASIONA

Karaniwang hiling ng mga magsasaka ang pagkakaroon ng makinarya sa paghahanda ng lupa, pag-aani tulad ng *combine harvester*, at sa pagtuyo ng palay tulad ng *flatbed dryer.*

Ngunit, kakayanin ba ng karaniwang magsasaka ang magmay-ari ng ganitong makinarya gayong hindi biro-biro ang presyo ng mga ito?

Mabuti na lamang, namimigay ang *Department of Agriculture* (DA) ng mga makinarya sa mga kwalipikado at organisadong grupo ng mga magsasaka.

BUHAY NA PATOTOO

Ang *Tuburan Farmers and Workers Association* (TFWA), kung saan kasapi si Aling Maria Neldy Provido, 51, ng Leganes, Iloilo, ay nabigyan noong 2012 ng *mechanical flatbed dryer* mula sa DA–Western Visayas. Ito ay sa ilalim ng programa ng DA sa mekanisasyon at pasilidad para sa mga grupo ng magsasaka.

Pagbabalik-tanaw ni Aling Neldy, pinawawalan nila sa murang halaga ang kanilang palay noon sapagkat ito ay nababad sa ulan kung kaya't nangitim.

"Ngayon, matapos ang anihan, direkta na ang palay sa *flatbed dryer*. Mas mabilis na ang proseso," galak na ibinahagi ni Aling Neldy na nagsisilbing *business manager* ng TFWA. Naiiwasan na raw nila ang pangingitim at pagkakaroon ng amag sa palay dahil kahit umuulan ay nagagawa nilang patuyuin ito. Kaya naman, masasabi niyang mas produktibo ang kabuhayan nila.

Dagdag pa niya, kahit hindi miyembro ng kanilang organisasyon ay napakikinabangan din ang *flatbed dryer*. Sa halagang 30 pesos bawat sako, pinarerentahan nila ito sa iba.

Nabiyayaan din ang TFWA ng *four-wheel tractor* na nagpabilis ng paghahanda ng lupa. Salaysay ni Aling Neldy, "kapag walang tubig, mahirap mag-araro pero kung may *tractor*, kahit walang tubig makakapag-araro ka na nang mabilis sa 4 na ektarya sa isang araw. Malaking tipid at bawas pagod."

Tulad ng *flatbed dryer*, pinarerentahan din nila ang *tractor* sa halagang P5,000/ha. Ang naiipon nila sa pagpaparenta ang siyang pang-*maintain* ng mga makinarya. Higit dito, nagkakaroon din sila ng pondo para sa mga iskolar na pinapaaral ng asosasyon nila.

Samantala, ang Lapayon *Farmers' Association* (LFA) sa Leganes ay isa sa mga nais ding makakuha ng mga makina mula sa DA partikular na ang *combine harvester*.

Sa pamamagitan ng Leganes *Federated Farmers' Association* (LFFA), kung saan kasapi ang Lapayon FA, nagsimula na silang mag-proseso upang maka-angkin ng nasabing makina.

"Dahil kulang ang mga manggagapas tuwing rurok ng anihan, naniniwala ang aming grupo na ang pagkakaroon ng *combine harvester* ay makatutulong para mas maging mahusay at produktibo ang aming pagpapalayan," sabi ni Lupo Señolay, presidente ng LFA.

Ayon kay Serle Deysolong, *municipal agriculturist* ng Leganes, ang pagkakaroon ng isang organisadong grupo, tulad ng *farmers'* o *irrigators'*

Sonny P. Pasiona

association, ang unang hakbang upang makakuha ng mga makinarya at pasilidad na ibinabahagi ng DA.

"Kailangan rehistrado ang kanilang organisasyon sa *Securities and Exchange Commission* o *Department of Labor and Employment* at aktibo ang mga miyembro nito," dagdag ni Deysolong.

Kung kwalipikado, maaaring magsumite ng *letter of intent* ang organisasyon na idine-detalye ang pangalan ng asosasyon, lokasyon nito, bilang ng mga miyembro, at ang dahilan ng kanilang *request*.

Matapos nito ay i-eendorso na ng *municipal* at *provincial agriculture offices* ang kanilang liham sa *regional field office (RFO)* ng DA na magsasagawa naman ng *validation* sa mga nag-*request*. Tunay na kailangan ang pagkilatis.

KAAKIBAT NA OBLIGASYON

Sa mga interesadong makinabang sa programa ng DA, inaasahan din sa kanila ang pagtalima sa mga kasunduan. Kabilang na rito ang pagpirma sa *Memorandum of Agreement* kung saan nakasaad ang mga responsibilidad ng organisasyon sa pangangalaga sa mga makinarya o pasilidad na ibinibigay ng DA.

"Kailangan masiguro ng mga nagre-*request* na sila ay may kapasidad at malasakit na pangalagaan ang mga gamit na ibinibigay ng gobyerno sa kanila," paalala ni Manuel Olanday, *regional technical director for operations and extension* ng DA-RFO 6.

Halimbawa ni Olanday ay ang pagkakaroon ng *shed* o mapagsisilungan ang mga makinarya tulad ng *combine harvester*. Iginiit niya rin na kailangan ay may pinansyal na kapasidad ang mga organisasyon na i-*maintain* ang mga ito.

Dagdag pa ni Olanday, tuwing nagba-*validate* sila ay tinutukoy rin kung marami na ang naipamahaging makinarya o pasilidad sa lugar nila. Ito ay upang masiguro na naipararating sa mas nangangailangan at sa mas nakararami ang benepisyo ng mga programa ng ahensya.

"Gusto namin na kaya ng mga magsasaka ang sarili nila. Pero hindi dapat indibidwal ang gumagalaw, dapat buong organisasyon," huling payo ni Olanday.

Bawat hiling ng mga magsasaka upang paunlarin ang pagpapalayan ay sinisikap ng gobyerno na sila ay bigyan ng kaagapay. Subalit, ang paghahatid ng tulong ay hindi basta-basta. Ito rin ay may kaakibat na proseso at tungkulin ng mga grupo ng magsasaka upang masiguro na lahat ay nakikinabang at ang pera ng bayan ay hindi nasasayang.

"Dapat maging *active* tayong mga magsasaka. Mag-*attend* ng *meetings* at higit sa lahat magtulungan. Walang siraan. Kung ano ang kailangan, subukan mag-*request* dahil maraming *offer* ang ahensya ng agrikultura," pagtatapos ni Aling Neldy.

Para sa karagdagang impormasyon kung paano magkakaroon ng makinarya at pasilidad sa pagsasaka, bumisita lang sa pinakamalapit na opisina ng DA sa inyong lugar.●

Sabi nga ng isang sikat na patalastas ng gatas, "Check the label mommy!"

Tulad din ng pagtitiyak ng ina kung masustansiya ang ipinakakain sa anak, ganun din ang papel ng magsasaka sa pag-alam ng pangangailangan ng tanim niyang palay.

Ang ibibigay bang pagkain o panlapat-lunas ng palay ay makabubuti rito? Hindi kaya ito ikasasama ng tanim?

Kaya naman, ipinapayo ng mga eksperto na maging mabusisi at kilalaning mabuti ang ibibigay sa palay. Magtanong kung may pag-aalinlangan.

LUPA NOON AT NGAYON

Tunay ngang hindi nakapagsasalita ang lupa upang sabihin ang pangangailangan nya, ngunit maririnig mo ang kanyang sigaw sa pamamagitan ng pagpapasuri nito.

Isa si Loreto Aradanas, 54, ng Binalonan, Pangasinan sa mga nakaranas ng pag-atras ng ani sa paglipas ng panahon.

"Simula nang ako na ang mamahala sa palayan namin ay mahigit isang dosena nang iba't-ibang uri ng pataba ang binibili ko," saad ni Mang Loreto.

Kwento pa niya, napansin niyang nagiging bansot ang kanyang mga palay. Walang kalatoy-latoy, ika nga.

Pinayuhan siya ng kapwa magsasaka na gumamit ng *soil conditioner*, magdagdag ng *urea*, at kung anu-ano pang pataba. Hindi nagtagal ay tuluyan nang pumayat ang ani ni Mang Loreto mula sa 100, pabagsak sa 64 kaban na lamang.

Ayon kay Wilfredo Collado ng PhilRice, ang pagbaba ng ani sa pagpapalayan ay resulta ng kakulangan ng pagsusuri sa lupa, na siyang gabay sa paglalagay ng sapat at angkop na pataba sa tamang panahon.

"Dahil sa hindi tugmang pamamahala ng pataba ay nagiging *acidic* o maasim na ang lupa," aniya.

LUPANG SINURI

Sa pagpapasimuno ng *Regional Soils Laboratory* (Soils Lab) sa San Fernando City, La Union, libreng naipasuri ni Mang Loreto ang kanyang lupain.

Paliwanag ni Aileene A. Millare, eksperto mula sa *Soils Lab*, ang *soil analysis* ay ginagawa sa laboratoryo upang suriin ang pisikal, kemikal, at biyolohikal na katangian ng lupa.

"Ginagawa ito upang matukoy ang naaayong pananim at tamang nutrisyon ng halaman. Gayundin, ang resulta ng *soil analysis* ay basehan ng abonong maaaring irekomenda at gamitin ng magsasaka sa susunod na taniman.

Ang serbisyong ito ay ginagawa upang matulungan ang mga magsasaka, kaya ito ay libre sa kanila. Para naman sa mga mag-aaral at mananaliksik ay may mga babayaran, depende sa hinihinging pagsusuri," dagdag ni Millare.

"Bago ipasuri ay kailangang tama ang pagkuha ng *soil sample*. Itinuturo ng mga eksperto ng *Soils Lab* ang tamang pagkuha nito sa mga unang beses pa lang magpapasuri. Ang iba naman ay maaaring magpatulong sa mga teknisyan sa kanilang lugar," sabi ni Millare.

Patotoo ni Mang Loreto, pumapalo na sa 105-110 kaban ang kanilang ani bawat ektarya simula nang sundin nila ang mga

Anna Marie F. Bautista

rekomendasyon base sa pinasuring lupa. Mas nakatipid pa sila sa pagpapataba ng kanilang palayan.

MAKAKALIKASANG PANLABAN SA RBB

Simula nang magsilbing *Local Farmer Technician* (LFT) si Jose "Lakay" Valdez, 60, ng Urdaneta City, Pangasinan sa kanyang barangay, marami na siyang naibahaging teknolohiya. Isa na rito ang paggamit ng *Metarhizium anisopliae* na natutuhan niya sa DA-*Regional Crop Protection Center* (RCPC) sa San Fernando City, La Union.

Ang *Metarhizium* ay isang berdeng punggos o amag na umaatake sa *rice black bug* (RBB) o atangyang itim sa palay. Ito ay maka-kalikasan, madaling paramihin, at ligtas pa sa tao at mga hayop.

Madali rin itong gamitin lalo't kasama ang ibang mga paraan para sa pagsugpo ng peste sa palay. Inaatake ng *Metarhizium* ang RBB sa pamamagitan ng mga berdeng espora o maliit na organismo na pumaparalisa sa peste hanggang sa tuluyan itong mamatay.

Ayon sa RCPC, limang pakete ng *Metarhizium* ang ihalo sa isang *knapsack sprayer* o 16 litrong tubig. Ito ay pinakamainam ibomba sa palayan sa bandang 4-6 ng hapon, upang maiwasan ang matinding sikat ng araw. Ang sobrang init ay nakapagpapawala ng bisa ng amag.

Kapag ang 20 puno o tundos ng palay sa isang ektarya ay nakitaan ng 4-5 RBB, kailangan nang mag-*spray* ng *Metarhizium*. Itutok ang *nozzle* sa puno ng palay upang matiyak na matamaan ang insekto.

Ayon kay Lakay Valdez, mas mainam na patubigan ang palayan bago mag-*spray*. Sa paraang ito, umaakyat ang RBB sa mataas na parte ng palay kaya't mas madali itong makita at bombahin.

"Magkakulay kasi ang RBB at lupa. Maliliit din ito kaya mas mahirap hanapin. Sa isang ektarya, 50 pakete ng *Metarhizium* katumbas ng 10 *knapsack sprayer* ang tamang gamitin," paliwanag ni Lakay.

Ayon kay Lu Jane Inso ng RCPC- Rehiyon 1, ang *Metarhizium* ay ipinamimigay nang libre sa lahat ng magsasaka na kailangang gumamit.

"Ang pagpaparami ng *Metarhizium* ay proyekto ng RCPC sa buong bansa upang gamiting alternatibo sa pamamahala ng RBB. Makipag-ugnayan lamang ang mga magsasaka sa mga *agricultural extension worker* o LFTs sa kani-kanilang munisipyo, o kaya ay bumisita sa mismong opisina ng RCPC," aniya.

Nakita ni Lakay Jose ang kabutihang dulot ng *Metarhizium* kung kaya't kanyang ibinahagi sa kapwa nya magsasaka. Ito ay naipalaganap na rin nya sa mga barangay ng San Manuel, Bactad, Catablan, at Palina sa Urdaneta, at ilan pang magsasaka sa Asingan at Pozorrubio, Pangasinan.●

USAPANG AMAG AT LUPA

ANNA MARIE F. BAUTISTA

Anna Marie F. Bautista

PAHIRAM NANG SANDALI

JAYVEE P. MASILANG
JAYSON C. BERTO

"Kapit sa patalim" ang karaniwang bansag ng mga magsasaka sa "5-6". Ito yong pangungutang ng pera na may 20% interes na maaaring bayaran nang lingguhan o arawan. "May anak na, may apo pa" naman ang turing dito ng iba.

Tulad nina Mang Marlo Pilar, 44, at Aling Elizabeth Abon, 50, ng San Manuel, Pangasinan, madalas din mangutang ang mga kapwa nila magsasaka sa 5-6. Ayon sa kanila, hindi mabusisi ang pangungutang sa 5-6. Mabilis makuha ang pera bagamat aminado silang hamak na mataas naman ang porsyento nito kumpara sa bangko. Hindi lang mga "Bombay" ang kapitalista sa 5-6.

Mabuti na lamang, may iba pang mahihingan ng tulong ang ating mga magsasaka bukod sa 5-6 na mataas magpatubo at hanggang pagpapautang lamang ng pera ang serbisyo. Hindi lahat ay mababaon sa utang.

ALALAY PANGKAPITAL

Isa ang Alalay sa Kaunlaran Incorporated o ASKI sa mga tumutulong sa mga magsasaka. Ayon sa ASKI, ang kanilang mga tanggapan na nakabase sa Nueva Ecija ay nagpapautang ng hanggang P12,000 kada ektaryang palayan sa mababang interes na 3% lamang. Hindi lang yan, tinutulungan pa nilang magbenta ang mga magsasaka ng kanilang palay o 'di kaya'y ang ASKI na mismo ang bumibili.

"Nagsimula akong manghiram ng P10,000 para sa aking 1 ektaryang palayan. Alam kong hindi sapat itong halaga pero *at least* hindi ako mahihirapan sa taniman, lalo't kailangang sumabay sa kalendaryo. Bawat taniman kasi, kailangan ng kapital," ani Marlo.

TULUY-TULOY NA PAGTULONG

Tumutulong na rin ang ASKI sa pagiging tulay kung paano maibebenta ng mga kooperatiba ang kanilang produkto sa mga *institutional buyers* tulad ng Jollibee.

Ayon kay Jane Manucdoc, direktor ng *Credit Operations* ng ASKI sa Cabanatuan City, inilalapit nila ang mga magsasaka sa mga *institutional buyers* kung sila ay kabilang sa isang kooperatiba. Kung mga indibidwal naman, ang *marketing cooperative* ng ASKI ang bumibili ng produkto. Layunin ng ASKI na mapagsama-sama ang lahat ng kanilang serbisyo para sa mga magsasaka. Ito ay upang masiguro na sila ay kikita. Sa pamamagitan nito, ang presyuhan ng kanilang produkto ay hindi mapakikialaman ng mga mapagsamantalang ahente o *middleman*.

Bukod sa hiram na pera at bentahan, masayang ibinida rin ni Aling Elizabeth na may *crop* at *life insurance* pa ang kanyang transaksyon sa ASKI.

KUMIKITANG NANAY

Taong 1991 nang magsimula ang Moncada *Women's Credit Cooperative* o MWCC sa Tarlac. Layon ng Koop ang makapagbigay ng pagkakaabalahang pagkakakitaan sa mga reyna ng tahanan.

Kabilang ang paggawa ng *bag* at pitaka mula sa *beads* o *tetra pack*, sabong-panlaba at pabango, at pagpapaalaga ng hayop tulad ng baboy at manok sa mga miyembro. Tuwing Huwebes, nakapagbebenta sila ng produkto sa harap ng kanilang opisina sa munisipyo ng Moncada.

Pwede ring mangutang ang mga miyembro ng MWCC, bukod sa pamumuhunan.

Miyembro si Gloria Villacista, 60, na pinagkatiwalaang pautangin ng P5,000 noong 1998. Ito ay kanyang hinulugan kada anihan. "Sa ngayon naman, ipinagmamalaki ko na ako ay isa na sa mga namumuhunan sa MWCC na umaabot na sa P150,000 ang aking *shared capital*," pakindat-kindat na pahayag ni Aling Gloria.

Sa paglipas ng panahon, nakabili ng lupain ang mag-asawang Villacista at naging *accredited seed grower* ang asawa ni Aling Gloria. Sa mga araw ng buwenas, sila ay direktang nakapagbebenta sa Kagawaran ng Pagsasaka ng 100 kabang binhi ng palay mula sa bawat ektarya. Nasa 23 ektarya ang kanilang palayan at 8 ektarya naman ang kanilang maisan.

Ang mga miyembro ng MWCC ay maaari pang kumuha ng *scholarship program* para sa kanilang mga anak, at makinabang sa *sickness benefit*.

Sa ngayon ay mahigit 2,500 na ang miyembro ng MWCC mula sa 43 lamang.

MAY PERA SA PAGSASAKA

Sinungaling ang magsasabing walang pera sa pagsasaka, na para bang puro gutom lang ang mapapala sa hanapbuhay na ito. Kung kaya't

Jayvee P. Masilang

Jayson C. Berto

patuloy pa rin ang iba't-ibang samahan sa pag-agapay sa ating mga magsasaka.

Kaya, hinihimok ang mga magsasaka na alamin ang iba't-ibang serbisyo o pribilehiyo na siyang magpapatama sa kanila ng mataas na kita at mas angat na pamumuhay. Huwag lang nilang bale-walain ang kanilang mga obligasyon. Nawa'y mga teknisyan ay magbibigay ng "anunsyo" sa kanilang mga nasasakupan. ●

RICE KOMIKS

Insurance, Pautang, atbp.

Istorya at Guhit ni Andrei Lanuza
Sinuri ni Fredierick Saludez

Walang problema. Mainam na mapa-*insure* mo na rin ang tanim mo.
Insurance? Paano yun *makatutulong?*
Kapag "insured" ang sakahan mo, kahit ito ay napinsala ng kalamidad tulad ng bagyo, maaari kang makakuha ng pera na magagamit mo para magpatanim uli.
DEPARTMENT OF AGRICULTURE
Hindi lang yun, malapit nang libre ang patubig para sa mga magsasaka at may diskwento tayo sa pagbili ng sertipikadong binhi ng palay.
CERTIFIED SEEDS
CERTIFIED SEEDS
Ang dami palang tulong na maaaring mapakinabangan para masiguro ang ating palayan at ani!
Tama! Kailangan lang alamin at gawin ang nararapat na hakbang para makamit ito. At para sa karagdagang impormasyon, mag-text o tumawag sa PhilRice Text Center sa numerong **0920-911-1398** o kaya'y bumisita sa opisina ng inyong *Provincial* o *Municipal Agriculturist* upang malaman kung anu-anong serbisyo ang available para sa mga magsasaka sa inyong lugar. Magtanong para maging marunong!
WAKAS

Naninilaw ang palay ko!

Anong magandang itanim na barayti ng palay?

Binaha ang palay ko! Paano na?

Anong mainam na pataba?

MAY TANONG SA PALAY?

Text or call na!

PHILRICE TEXT CENTER

0920 911 1398

PhilRice Central Experiment Station, Maligaya, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija • Tel: (44) 456-0277 • Direct line/Telefax: (44) 456-0112
Email: prri.mail@philrice.gov.ph • PhilRice Text Center: 0920-911-1398 • Websites: www.philrice.gov.ph; www.pinoyrice.com
PhilRice Agusan, Basilisa, RTRomualdez, 8611 Agusan del Norte • Telefax: (85) 343-0768; 343-0778 • Email: agusan.station@philrice.gov.ph
PhilRice Batac, MMSU Campus, Batac City, 2906 Ilocos Norte • Telefax: (77) 670-1867; (77) 677-1508 • Email: batac.station@philrice.gov.ph
PhilRice Bicol, Batang, Ligao City, 4504 Albay • Telefax: (052) 284-4860 • bicol.station@philrice.gov.ph
PhilRice Isabela, Malasin, San Mateo, 3318 Isabela • Mobile: 0917-594-9285 • Email: isabela.station@philrice.gov.ph
PhilRice Los Baños, UPLB Campus, Los Baños, 4030 Laguna • Telefax: (49) 536-8620; 501-1917 • Email: losbanos@philrice.gov.ph
PhilRice Midsayap, Bual Norte, Midsayap, 9410 North Cotabato • Telefax: (64) 229-8178; 229-7241 • Email: midsayap.station@philrice.gov.ph
PhilRice Negros, Cansilayan, Murcia, 6129 Negros Occidental • Mobile: 0998-964-5701; 0932-850-1531 • Email: negros.station@philrice.gov.ph
PhilRice Field Office, CMU Campus, Maramag,8714 Bukidnon • Mobile: 0916-367-6086; 0909-822-9813
Liaison Office, 3rd Floor, ATI Bldg, Elliptical Road, Diliman, Quezon City • Telefax: (02) 920-5129, Mobile: 0920-9069052